






NEW MUSLIM
ACADEMY




Ang Pagsasabuhay sa “Shahadah”, Pahayag ng Pananampalataya



“Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban sa Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay ang huling Sugo ng Allah.” Ang pagpapahayag ng pananampalataya kung saan ang isang tao ay pumasok sa Islam, ang pagpapahayag ng natatanging pagsamba sa Allah at paniniwala sa Sugo na si Muhammad bilang huwaran at halimbawa sa debosyon sa Allah. Ang patotoo na ito ay hindi isang pangungusap, sa halip ito ay isang susi kung saan ang isang Muslim ay dapat mamuhay at kumilos sa kanilang sarili.






Ang Kapangyarihan ng Pahayag ng Pananampalataya

Ang patotoong ito ang naghihiwalay sa isang mananampalataya sa isang hindi mananampalataya. Sa batayang ito, hahatulan ng Allah ang mga tao sa huli at magpapasya kung sino ang magkakamit ng Kanyang gantimpala o parusa. Sa pagpapahayag ng pagpapatotoong ito, ay kinikilala natin ang kapangyarihan, kataas-taasang kapangyarihan at pagiging perpekto ng Allah. Pinatutunayan natin na Siya lamang ang Tagapaglikha, Tagapagbigay at Tagapagtaguyod ng sansinukob, at kaya, Siya lamang ang karapat-dapat sambahin at alayan ng debosyon. Higit pa nating kinikilala na tayo ay nilikha para sa layunin ng pagsamba at pagsunod sa Kanya.

Para makamit ang layuning ito ng pagsamba lamang sa Allah at gawin sa paraan na Kanyang iniutos, ay ipinadala sa atin ng Allah ang isang Sugo bilang isang gabay, ay ipinagkaloob sa kanya ang Banal na Kasulatan na naglalaman ng lahat ng ating mga kailangan para tuparin ang pahayag na ito. Nagpadala ang Allah sa bawat tao ng isang Sugo bilang isang gabay at nagpadala sa kanila ng ilang Banal na Kasulatan. Ang huli sa mga gabay na ito ay si Propeta Muhammad (SAWS). Sa pagpapahayag ng pananampalataya, ay tinatanggap natin siya bilang huling Sugo ng Allah, naniniwala tayo sa kanya at kung ano ang kanyang dinala, at sinusunod natin ang kanyang mga katuruan at halimbawa para makamit ang gantimpala at tulong ng Allah.








Ano ang Mangyayari pagkatapos ng "Shahadah"?

Kapag ang deklarasyon ng pagpapahayag ng pananampalataya ay ginawa, tayo ay nagiging Muslim. Ang kapangyarihan ng pagpapatotoo ng pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng kalinawan kung ano ang kailangan nating gawin sa buhay na ito. Alam natin kung ano ang pinahihintulutan at hindi pinahihintulutan ng Allah at samakatuwid kung ano ang makasisiya sa Kanya o makakagalit. Ang ibig sabihin ng Islam ay pagpapasakop sa mga kautusan ng Allah, kaya't nabubuhay tayo ayon sa mga batas at katuruan ng Allah.

Dapat tayong magtrabaho, magsikap at magsakripisyo para gawin ito, dahil sa ganitong paraan, ay pagpapalain tayo ng Allah sa buhay na ito ay sa buhay sa kabilang buhay.

Ipinangako ng Allah sa mga gumagawa nito ang Kanyang panghuling gantimpala ng Paraiso kung saan mayroong walang hanggang kaligayahan.






Pagsasagawa ng Islam na may Layunin

Ang Islam ay hindi lamang isang kuro-kuro o isang hanay ng mga pribadong mithiin na itinatago ng isa sa kanilang puso. Sa halip, ang pinagmulan ng Islam ay nagsimula sa puso pagkatapos ay dapat ipakita sa ating pananalita at mga pagkilos.



Ang Islam ay isang kumbinasyon ng wastong paniniwala at matuwid na mga gawa tulad ng maraming beses na binanggit ng Allah sa Qur'an. Ang Allah ay nagtakda sa atin ng ilang mga gawain at ipinagbawal sa atin ang iba. Ang ating una at pangunahing layunin sa buhay ay ang malugod ang Allah, at kung kaya't dapat nating unahin ang mga katuruan ng Allah bago ang ating sariling mga hangarin at kagustuhan. Ang Islam ay binubuo ng kapwa paniniwala at mga pagkilos. Ang isang Muslim ay dapat magsagawa ng limang pang-araw-araw na itinakdang ritwal na mga panalangin, magbigay ng kawanggawa sa kanilang naipon taon-taon, mag-ayuno sa buwan ng Ramadan at magsagawa ng peregrinasyon (pagbisita sa tahanan ng Allah) sa Makkah isang beses sa buong buhay kung sila ay may pisikal at pinansyal na kakayahan. Ang isang Muslim ay dapat gumalang sa mga matatanda, magkaroon ng awa sa mga kabataan, maging mabuti sa iba, at magkaroon ng mabuting pag-uugali. Ang isang Muslim ay dapat umiwas mula sa pananakit sa iba at pang-aapi sa kanila. Ang isang Muslim ay hindi dapat magsinungaling, mandaya, manirang-puri o magnakaw. Ang isang Muslim ay dapat igalang ang mga karapatan ng iba tulad ng inaasahan nilang igagalang ang kanilang mga karapatan.






Paghahanap ng Kaalaman sa Islam

Ipinagkaloob sa atin ng Allah ang Qur'an at ang mga katuruan ni Propeta Muhammad (SAWS). Ang mga pinagkukunang ito ay naglalaman ng mga kailangan nating malaman upang magkaroon ng isang tamang ugnayan sa Allah. Sinasabi ng mga ito sa atin kung sino ang Allah at kung ano ang inaasahan Niya sa Kanyang mga alipin. Ang pag-aaral ng Islam ay nagbibigay-linaw sa atin kung paano sambahin ang Allah at kung ano ang nakalulugod sa Kanya. Hindi nakasalalay sa bawat Muslim na gumawa ng mga bagay habang sila ay nagpapatuloy, o hulaan kung ano ang dapat nilang gawin. Sa halip, ay nilinaw ng Allah ang lahat ng ito sa pamamagitan ng Kanyang Sugo na si Muhammad (SAWS) nang sa gayon ay walang kalituhan o pagdududa. Ito ang dahilan kung bakit binibigyang-diin ng Islam ang kahalagahan ng paghahanap ng kaalaman at inilakip ang maraming gantimpala dito. Sa katunayan, ang mga unang salita na ipinahayag ng Qur'an ay isang kautusan na bigkasin, basahin at matuto.








Pagharap sa mga Pagsubok na may Katatagan

Sinasabi sa atin ng Allah sa Qur'an na ang buhay sa pangkalahatan at ang landas tungo sa Kanyang tiyak na kasiyahan ay isa na may mga pagsubok. Si Satanas ang ating pinangakong kaaway at nariyan upang subukan na tayo ay iligaw. Ang mundong ito ay puno ng tukso na maaaring makagambala sa atin mula sa ating tunay na layunin. Kailangan nating magtiyaga at magpakita ng determinasyon. Sinasabi sa atin ng Allah sa maraming mga kasaysayan sa Qur'an tungkol sa pagtitiis at katatagan ng mga nauna sa atin nang sa gayon ay matuto tayo mula sa kanilang halimbawa.

Dapat nating tandaan at patuloy na paalalahanan ang ating mga sarili sa ating layunin. Maikli ang buhay at ang tunay na buhay para sa isang nananampalataya ay nagsisimula pagkatapos ng kamatayan, ang Kabilang buhay, isang buhay na walang hanggan.



Sa pangyayari na makalimot tayo at nahulog sa pagkakasala, dahil sa pagsuway sa Allah, dapat nating alalahanin ang Kanyang habag at kabutihan, at magmadaling magbalik-loob sa Kanya na may pagsisisi at humihingi ng kapatawaran. Dapat tayong gumawa ng mas maraming mabubuting gawain hangga't maaari sa panahong mayroon tayo sa buhay na ito.





Ang mga Pag-uuri ng Dalisay na Layunin

Ang pagkakaroon ng isang dalisay na layunin ay isa sa pinakadakila at pinakamabuting gawa. Ito ay ang pagsasagawa ng lahat ng mga gawaing pagsamba para hanapin lamang ang kaluguran ng Allah, at hindi para sa sinuman o anumang bagay. Malaki ang pagkakaiba-iba ng mga tao pagdating sa kadalisayan ng layunin dahil ang mga layunin ay kadalasang nababalewala, halo-halo o nasisira. Tandaan na hindi lamang nakikita ng Allah ang ating malinaw na mga gawain, sapagka't alam din kung ano ang ating itinatago at ang nakakubli sa ating mga puso. Bago ang anumang gawain, maglaan ng ilang sandali upang alalahanin ang Allah at tiyakin na nasa ating mga puso, ang pagkilos ay para lamang makamit ang Kanyang gantimpala at kasiyahan at hindi para sa anumang iba pang layunin.



 **NewMuslimPH** **newmuslimph** **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph